

Pagkilala sa mga Pagsukat ng Estado



Ang California School Dashboard (Dashboard) ay isang online tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga paaralan at distrito mula transitional kindergarten hanggang grade twelve. Nagtatampok ang Dashboard ng maraming pagsukat ng estado na nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa kung paano pinaglilingkuran ng mga paaralan ang kanilang mga estudyante. Para sa impormasyon tungkol sa mga lokal na pagsukat, sumangguni sa flyer na Pagkilala sa mga Lokal na Pagsukat na available sa [web page ng Dashboard Communications Toolkit ng Kagawaran ng Edukasyon ng California \(California Department of Education, CDE\)](#). Para ma-access ang Dashboard, bisitahin ang [Dashboard website](#).

Madalas na Pagliban



Ipinapakita ng Tagapagpahiwatig ng Madalas na Pagliban kung ilang estudyante ang lumiban nang 10 porsyento pataas ng mga araw na inaasahang papasok sila sa paaralan. Halimbawa, kung ang isang estudyante ay inaasahang pumasok sa loob ng 180 araw at lumiban nang 18 o higit pang araw mula sa mga ito, maituturing siyang madalas na lumiban. Ang mga estudyanteng madalas na lumiliban ay nawawalan ng pagkakataong makatanggap ng mahalagang pagtuturo sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng impormasyong ito sa Dashboard, matutukoy ng mga magulang at guro kung problema ang madalas na pagliban sa isang paaralan o distrito.

Kolehiyo/Karera



Ipinapakita ng College/Career Indicator (CCI) kung gaano kahusay inihahanda ng mga lokal na ahensya ng edukasyon at paaralan ang mga nagtapos para sa kolehiyo at/o karera. Gumagamit ito ng iba't ibang pagsukat, tulad ng pagkumpleto ng kurso, karanasan sa trabaho, at mga resulta ng pagsusulit. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pamantayan sa kahandaan sa CCI, sumangguni sa [web page ng Tagapagpahiwatig ng Kolehiyo/Karera ng CDE](#).

English Language Arts (ELA) at Mathematics (Math)



Ipinapakita ng Tagapagpahiwatig ng ELA at Tagapagpahiwatig ng Math kung gaano kahusay natutugunan ng mga estudyante ang mga pamantayan sa kahusayan. Nakabatay ang mga ito sa pagganap ng mga mag-aaral sa Smarter Balanced Summative Assessment at mga California Alternate Assessment (CAA), na kinukuha tuwing tagsibol ng mga estudyante sa grade three hanggang grade eight at grade eleven.

Pag-unlad sa ELA at Pag-unlad sa Math



May pagkakataon ang lahat ng estudyante na maipakita ang kanilang akademikong pag-unlad, anuman kanilang naging panimulang antas. Ipinapakita ng Tagapagpahiwatig ng Pag-unlad sa ELA at Tagapagpahiwatig ng Pag-unlad sa Math ang kung gaano kalaki ang pag-unlad ng mga estudyante mula sa isang antas ng baitang patungo sa susunod na baitang batay sa Smarter Balanced Summative Assessments sa grade four hanggang grade eight.

Pag-unlad ng English Learner



Ang kahusayan sa wikang Ingles ay unang hakbang para maging mahusay ang mga estudyante sa paaralan. Sinusuri ng English Learner Progress Indicator (ELPI) kung gaano kalaki ang pag-unlad ng mga estudyanteng English learner tungo sa pagiging mahusay sa wikang Ingles. Tuwing tagsibol, kumukuha ang mga estudyanteng English learner ng Summative English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC) o Summative Alternate ELPAC, na sumusukat sa kanilang kaalaman at pag-unawa sa Ingles. Ginagamit ang mga resulta mula sa ELPAC para kalkulahin ang ELPI.

Graduation Rate



Magkolehiyo man o hindi ang mga estudyante, karamihan sa mga panimulang antas na trabaho ngayon ay nangangailangan ng diploma sa high school. Ipinapakita nito ang kahusayan sa mga pangunahing kasanayan sa matematika, pagbabasa, at pagsusulat, pati na ang pagkumpleto ng isang kurso ng pag-aaral. Ipinapakita ng Tagapagpahiwatig ng Graduation Rate ang bilang ng mga estudyanteng nakatanggap ng regular na diploma sa high school bago matapos ang grade twelve.

Science



Ang matibay na pundasyon sa science ay naghihikayat sa mga estudyante na linangin ang kaalaman at mga kasanayang kailangan para sa kolehiyo at mga karera. Ipinapakita ng Tagapagpahiwatig ng Science kung ano ang alam at kayang gawin ng mga estudyante gamit ang California Next Generation Science Standards. Batay ito sa performance ng mga estudyante sa California Science Test and the CAA for Science sa grade five at grade eight at sa high school.


Suspension Rate



Ipinapakita ng Tagapagpahiwatig ng Suspension Rate ang porsyento ng mga estudyanteng nasuspende nang hindi bababa sa isang buong araw. Binibigyang-diin ng pagsukat na ito ang pagkawala ng oras ng pagtuturo at tumutulong na matukoy ang mga pattern ng suspensyon sa mga paaralan, distrito, at grupo ng mga estudyante. Pakitandaan na isang beses lamang binibilang ang bawat estudyante, anuman ang bilang o tagal ng kanilang mga suspensyon.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [web page ng CDE California School Dashboard and System of Support](#).

Mag-email sa Analysis, Measurement, and Accountability Reporting Division sa dashboard@cde.ca.gov.



Agosto 2026